

RELEASED

BY: _____ DATE: 9/1/15

NAME/SIGNATURE

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION



Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 214, serye 2015

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas Na Paaralan
Punungguro ng Mababang Paaralan
Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay na Seminar-Workshop Para sa mga Tagapayo ng
Pampaaralang Pamahayagan sa Filipino (Elementarya at Sekundarya)**

Petsa: Setyembre 1, 2015

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsagawa ng **Pansangay na Seminar-Workshop Para sa mga Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan sa Filipino (Elementarya at Sekundarya) para sa nakapagseminar na o hindi pa ngayong Setyembre 26-27, 2015 (Sabado at Linggo)** sa Mababang Paaralan ng Polanco.
2. Ang mga layunin ng naturang workshop ay ang sumusunod:
 - a) Makabuo ng mga pampaaralang pahayagan na maging karapat-daapat na iakyat sa mataas na antas ng kompetisyong rehiyunal at pambansa;
 - b) Mapahalagahan ng mga guro ang paglinang ng kakayahan ng mga batang manunulat;
 - c) Mabigyan ng pagkakataon ang mga guro na maging mapanuri sa mga napapanahong isyu at magabayan ang mga kabataan sa paggamit ng media; at
 - d) Maibahagi sa mga guro ang mga nalikom na mga impormasyon ng mga tagapanayam.
3. Ang lalahok sa workshop na ito ay ang mga **tagapayo** ng Pampaaralang Pamahayagan sa Filipino ng Elementarya at Sekundara at ang mga guro na nagpapalano sa pagbuo ng pampaaralang pamahayagan simula sa taon na ito.
4. Ang mga tagapanayam (speakers) at mga guro na dadalo sa seminar-workshop ay pagkalooban ng dalawang araw na service credits.
5. Ang pamasahang mga dadalo mula sa pinanggalingan at pabalik ay dapat manggagaling sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.
6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.